

6.1.1 Proseso ng Pagiging Delinkuwente

Lahat ng bayad sa invoice ay nakatakda sa pagtanggap. Para maisaalang-alang sa pagproseso ng pagputol sa pagiging delinkuwente, ang account ay dapat may pinakamababang balanse na \$50.00. Maaaring ihinto ang account para sa pagiging delinkuwente sa o makalipas ang hindi bababa sa 60 araw mula sa petsa ng pagiging delinkuwente. Kung hindi matanggap ang bayad sa panahon ng pagbigay ng susunod na singil, ang kasunod na invoice ay magdadala ng Pangalawang Abiso. Kasama sa Pangalawang Abiso ang pangalan at address ng kostumer; halaga ng pagiging delinkuwente; ang petsa kung saan ang bayad o mga kasunduan sa bayad ay gagawin para maiwasan ang pagputol ng serbisyo; ang pamamaraan para simula ng mga kostumer ang reklamo o magsampa ng apela patungkol sa singil; ang pamamaraan para humiling ang kostumer ng kasunduan sa pagbabayad; ang pamamaraan para makakuha ang kostumer ng impormasyon sa pinansiyal na tulong, kung angkop; at ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang kostumer ng kasunduan sa pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Distrito.

Ang Distrito ay gagawa ng isang makatwirang, mabuting layuning pagsisikap para makipag-ugnay sa kostumer na nasa talaan o isang adult na taong naninirahan kasama ang kostumer sa pamamagitan ng telepono ng hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo. Ang Distrito ay mag-aalok na magbigay ng isang kopya ng patakaran sa pagputol ng serbisyo sa pamamagitan ng sulat at magbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pagpipilian upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo, kasama ang kung paano humiling ng isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad. Kung hindi makaugnay ng ang kostumer o isang adult na taong naninirahan kasama ng kostumer sa pamamagitan ng telepono, ang Distrito ay gagawa ng isang may mabuting layuning pagsusumikap na mag-iwan ng isang **Panghuling Abiso sa Pagputol** at isang kopya ng Patakaran na ito sa isang mapapansing lugar sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa apat-na-pu't walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Ang paunawa ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kabuuang balanse ng account, pinakamababang halaga na dapat bayaran at ang petsa ng pagbabayad na dapat gawin. Ilalapat ang mga kaugnay na bayad. Kung ang isang account ay pinroseso para sa paghinto dahil sa pagiging delinkuwente, ang Distrito ay magpapataw at mangolekta ng administratibong bayad sa pagproseso sa paghinto dahil sa pagiging delinkuwente, isang (pisikal) na paghinto at bayad sa muling pagkonekta ar mare-refund na walang dalang interes na Deposito sa Pagbabayad. Mangyaring sumangguni sa Seksyon 6.5.6 para sa Mga Bayad sa Muling Pagkonekta at Seksyon 6.5.7 para sa impormasyon sa Deposit sa Pagbabayad.

- a) Ang serbisyo ng kostumer ay maaaring putulin dahil sa hindi pagbabayad ng serbisyong dati nang isinagawa sa kanya sa kundisyon na ang nasabing singil ay hindi binayaran sa loob ng apat-na-pung (48) oras matapos ang pagbibigay ng **Panghuling Abiso sa Pagputol**.
- b) Ang mga serbisyo ay maaaring putulin dahil sa hindi pagbabayad mula Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng oras ng 8:00 am at 5:00pm, hindi kasama ang mga legal at Distritong pista-opisyal.
- c) Kung ang residensiyal na Kostumer ay hindi makakabayad ng singil sa karaniwang panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang Kostumer ng ekstensiyon o plano sa pagbabayad. Ang mga kostumer ay nararapat para sa Plano sa Pagbabayad minsan tuwing labing-dalawang buwan. Kung magsumite ang Kostumer ng kanyang hiling sa loob ng 13 araw matapos ipadala sa koreo ang Pangalawang Abiso, ang kahilingan ay rerepasuhin ng tagapamahala ng Distrito. Ang Distrito ay may diskresyong alaman kung ang ekstensiyon o plano sa pagbabayad ay ibibigay at para magtakda ng mga tuntunin at kundisyon ng ekstensiyon o plano. Ang mga pagpasya ng distrito patungkol sa mga ekstensiyon at plano ng pagbabayad at hindi sasailalim sa apela sa Lupon ng Mga Direktor ng Distrito. Kung hindi makasunod ang Kostumer sa ekstensiyon o plano ng

pagbabayad na inaprubahan sa ilalim ng seksiyong ito, ang maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong tubig sa pamamagitan ng pagpaskil ng panghuling abiso ng paglalayong putuling ang serbisyo sa mapapansin at makikitang lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa apat-na-put walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magpapahintulot sa kostumer sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Distrito. Ang mga kostumer na hindi makakapagbayad sa Plano ng Pagbabayad ay hindi nararapat na lumahok sa programa ng labing-dalawang buwan.

d) Hindi puputulin ng Distrito ang residensiyal na serbisyong tubig sa hindi pagbabayad kung ang sumusunod na tatlong (3) kundisyon ay natugunan:

- i. Ang Kostumer, o umuupa sa Kostumer, ay magsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng lisensiyadong tagapaglaan ng pangunahing pangangalaga na ang pagwawakas ng serbisyong tubig ay banta sa buhay sa o para magpinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar;
- ii. Dineklara ng Kostumer sa ilalim ng multa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan niya ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan, o nagbibigay ng dokumentasyon na ang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children; at
- iii. Payag ang Kostumer sa inaprubahan-ng-Distrito na ekstensiyon o plano ng pagbabayad

Para sa mga kostumer na nakatutugon sa mga kundisyon sa itaas, maghahandog ang Distrito sa kostumer ng ekstensiyon o plano para gumawa ng mga bahagyang pagbabayad sa nakaraang nakatakdang halaga sa ilang buwan (hanggang sa anim na buwan; o labing dalawang buwan na may pag-apruba ng superbisor). Ang mga bayad sa pagkaantala at abiso sa pagiging delinkuente ay sususpindihin sa tagal ng ekstensiyon o panahon ng pagbabayad. Ang kostumer sa talaan ay dapat lumagda sa kasunduan na tumatanggap sa mga tuntunin ng Distrito ay sumang-ayon na magbayad ng mga kasunod na singil sa oras at isama ang buwanang bahagi ng hulugang plano sa pagbabayad. Kung ang Kostumer na nakatanggap ng ekstensiyon o plano sa pagbabayad sa ilalim ng seksiyong ito ay nabigong sumunod o nabigong magbayad ng kasalukuyan niyang singil sa serbisyong tubig ng anim-na-pung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyong tubig. Magpapaskil ang Distrito ng panghuling abiso ng paglalayong putulin ang serbisyo sa nakikita at mapapansing lokasyon sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magpapahintulot sa kostumer sa anumang imbestigasyon o pagrepaso ng Distrito.

e) Ang mga serbisyo na kasama sa inaprubahan ng Distritong ekstensiyon o plano ng pagbabayad ay hindi ihihinto sa kundisyon na patuloy na sumusunod ang Kostumer sa mga inaprubahang tuntunin at pinananatili ang mga kasunod na singil sa kasalukuyang katayuan.

f) Ang mga kostumer na ang serbisyong tubig ay naputol dahil sa hindi pagbabayad ay maaaring makipag-ugnay sa Distrito sa pamamagitan ng telepono o personal patungkol sa pagbabalik ng serbisyo. Ang pagbabalik ay sasailalim sa pagbabayad ng lahat ng dati nang nakatakdang halaga, multa, bayarin at Deposito sa Pagbabayad, kung inaatas ng Distrito.

- g) Para sa mga tanong o tulong patungkol sa mga singil sa tubig, o para humiling ng ekstensiyon o plano sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo, ang kawani ng Serbisyo para sa Kostumer ng Distrito ay maaaring matawagan sa (949) 459-6420.

6.1.2 Mga Abiso sa Pagiging Delinkuente para sa Okupado ng Umuupa na Residensiyal na Pag-aari
Bilang dagdag sa mga iabisong nilaan sa Kostumer, aabisuhan ng Distrito ang aktuwal na residensiyal na umookupa na nakatira sa address ng serbisyo na ang account ay may atraso at ang serbisyo ay wawakasan sa petsang nakatukoy sa abiso. Ang abiso ay ilalaan ayon sa sumusunod:

- a) Kung nagbibigay ang Distrito ng indibiduwal na may metrong serbisyo sa isang pamilyang tirahan, maramihang yunit na residensiyal na istraktura, mobile home park, farm labor camp at ang may-ari, tagapamahala o operator ay ang Kostumer na nasa talaan, o kung ang address sa koreo ng Kostumer na nasa talaan ay hindi pareho sa address ng serbisyo, magpapadala ang Distrito ng abiso sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyong tubig.
- b) Kung nagbibigay ang Distrito ng residensiyal na serbisyong tubig sa pamamagitan ng master meter, magsasagawa ang Distrito ng mabuting layuning pagsusumikap, ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagwawakas, na magbigay ng abiso sa mga umookupa. Magbibigay ang Distrito ng abiso sa alinman sa: (i) pagpapadala sa koreto ng abiso sa bawat residensiyal na yunit; (ii) pag-post ng abiso sa pintuan ng bawat residensiyal na yunit; (iii) kung ang pagbibigay ng abiso sa bawat yunit ay hindi magagawa o hindi posible, pagpaskil ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat maa-access na karaniwang lugar at sa bawat punto ng access sa istraktura o mga istraktura; o (iv) paggawa ng kaunting ibang mabuting layunin, makatwirang pagsusumikap na magbigay ng nakasulat na abiso sa mga umookupa. Ang abiso ay ia-address sa "Occupant" at aabisuhan ang mga umookupa na may karapatan silang aging mga kostumer ng Distrito nang hindi inaatasang magbayad ng halaga na nakatakda sa delinkuwenteng account.

Ang mga abiso sa itaas ay ia-address sa "Occupant" at aabisuhan ang mga residensiyal na umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer ng Distrito nang hindi inaatasang bayaran ang halagang nakatakda sa delinkuwenteng account. Gagawing magagamit ng Distrito ang serbisyo sa mga aktuwal na umookupa sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at natutugunan ang mga inaatas ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga umookupa ay payag at kayang umako ng responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung may pisikal na pamamaraan, legal na makukuha ng mga patakaran at regulasyon ng Distrito, gagawing makukuha ng Distrito ang serbisyo sa mga umookupa na nakatugon sa mga inaatas na iyon. Para maging nararapat na maging kostumer nang hindi nagbabayad ng halagang nakatakda sa delinkuwenteng account, dapat patotohanan ng umookupa na ang delinkuwenteng account ng kostumer na nasa talaan ay o dating ang kasesa, tagapamahala o ahente ng tirahan. Maaaring kasama sa pagpapatotoo ang, ngunit hindi limitado sa, isang pag-upa o kasunduan sa pag-upa, mga resibo sa pag-upa, dokumento ng pamahalaan na tumutukoy na ang umookupa ay umuupa sa pag-aari, o ang impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksiyon 1962 ng Kodigo Sibil, sa diskresyon ng Distrito.

6.1.3. Pagputol ng Serbisyo

Lahat ng Mga Kostumer ay mananagot sa mga aktibong account hanggang makalipas nila abisuhan ang Distrito na ihinto ang (mga) serbisyo. Hindi bababa sa 24-oras na abiso ay kailangan. Kung kailangan ng Kostumer ang pagwawakas sa parehong araw (Lunes hanggang Biyernes) na natanggap ang tawag o online

na abiso, aabisuhan ang Kostumer na may bayad sa serbisyo. Kung kinilala ng Kostumer at tinatanggap ang singil, ang kahilingan sa pagwawakas ay ipoproceso sa parehong araw ding ito. Lahat ng Mga Kostumer ay lubos na responsible para sa (mga) serbisyo hanggang matugunan nila ang inaatas na ito. Lahat ng Mga Kostumer ay nilalaanan ng numero ng kumpirmasyon sa oras ng paghiling para sa pagwawakas ng serbisyo, na tutulong sa Kostumer pati na ang Distrito kung may anumang katanungan sa hinaharap patungkol sa panghuling petsa ng responsibilidad. Aabisuhan ang mga kostumer at hihilinging itabi ang numerong ito sa kanilang mga talaan. Sa ilalim ng mga karaniwang sirkumstansiya, walang Kostumer na nabigong magbigay sa Distrito ng numero ng kumpirmasyon ay aalisin mula sa kanyang obligasyon sa Distrito. Ang simula ng serbisyo sa bagong lokasyon ay hindi nagbabawas sa pananagutan sa kasalukuyang lokasyon.

6.1.4. Mga Nakaraang Nakatakdang Account

Maaaring kumuha ang Distrito ng mga pagsingil sa pagiging delinkuwentee sa pamamagitan ng pagsumite ng mga lien sa real property, ayon sa nilaan ng batas o ng anumang iba pang pamamaraan na magagamit sa Distrito. Kung sakaling ang legal na pagkilos ay isinagawa para kolektahin ang anumang hindi bayad na singil, ang Distrito ay may karapatang magbayad ng lahat ng mga gastos kasama na ang mga bayad sa abugado at naipon na interes. Ang Defendant ay dapat magbayad ng lahat ng kaugnay na mga legal na gastos para sa mga paghahabol na naibigay na pabor sa Distrito.

6.1.5. Hindi Pagkakasundo sa Singil

Maaaring itanggi ng sinumang Kostumer ang singil sa pamamagitan ng sulat anumang oras bago maging delinkuwente ang singil. Dapat bayaran nang buo ang singil na tinatanggi at isama ang nakasulat na pahayag ng pagtanggap bago ang imbestigasyon. Ang isang napapanahong reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat ay dapat suriin ng isang tagapamahala ng Distrito, na magbibigay ng isang nakasulat na pagpapasiya sa kostumer. Kasama sa pagsusuri ang pagsasaalang-alang ng kung ang kostumer ay maaaring makatanggap ng isang ekstensiyon o plano sa pagbabayad. Kung ang mga tinatangging singil ay tinutukoy na hindi tama ng Distrito, ang halaga ng pagsasaayos ay dapat maikredito sa

Account o ma-refund sa kostumer. Kung ang isang Kostumer ay hindi nasiyahan sa nakasulat na determinasyon ng Distrito, mayroon silang sampung (10) araw mula sa petsa ng pagpapasya na iapila ang tinatangging singil sa Lupon ng mga Direktor. Ang lahat ng mga apela ay isinumite nang nakasulat sa Kalihim sa Lupon ng Mga Direktor. Ang usapin ay itatalaga sa mga kawani para sa pag-aaral, pagsusuri at rekomendasyon. Sa pagtanggap ng paunawa ng apela, itatakda ng Kalihim sa Lupon ng mga Direktor ang usapin na marinig sa isang paparating na pulong ng Lupon at ipadadala sa koreo ang nakasulat na abiso sa kostumer ng oras at lugar ng pulong ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Lupon ay pangwakas. Hindi ihihinto ng distrito ang serbisyong tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad habang ang isang napapanahong pangtanggap o nakabinbin ang apela.

Ang napapanahong reklamo o paghiling sa imbestigasyon ay rerepasuhin ng tagapamahala ng Distrito na magbibigay ng nakasulat na determinasyon sa kostumer. Kasama ng pagrepasso ang konsiderasyon kung ang kostumer ay maaaring makatanggap ng ekstensiyon o plano ng pagbabayad. Kung ang mga tinatangging singil ay nadeterminang mali ng Distrito, ang halaga ng pag-ayos ay ikekredito sa account ng Kostumer o ire-refund. Kung hindi nasiyahan ang Kostumer sa nakasulat na determinasyon ng Distrito, mayroon silang sampung (10) araw mula sa petsa ng determinasyon para iapela ang tinatangging singil sa Lupon ng Mga Direktor. Lahat ng mga apela ay isusumite sa pamamagitan ng sulat sa Kalihim ng Lupon ng Mga Direktor. Ang usapin ay itatalaga sa kawani para maaral, marepasso at para sa rekomendasyon. Sa pagtanggap ng abiso ng apela, ang Kalihim sa Lupon ng Mga Direktor ay itatakda ang usapin na madinig sa paparating na pulong ng Lupon at ipadadala sa koreo sa kostumer ang nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pulong at hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pulong. Ang pagpapasya ng Lupon ay pinal.

Hindi ihihinto ng Distrito ang residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang napapanahong pagtanggap o apela ay nakabinbin.

Kung bago makumpleto ang proseso ng apela maging nakatakda ang mga karagdagang singil, aatasan ang Kostumer na ipadala ang pagpapadala niya para sa buong halaga ng mga kasunod na bayarin. Ang kabiguang gawin ito ay maaaring magdulot ng paghinto sa serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at lahat ng mga bayaring kaugnay ay nakatakda at babayaran.

6.1.6. Mga Partikular na Programa para sa Mga Kostumer na Maliit ang Kita.

Para sa mga residensiyal na kostumer na nagpapakita ng kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan, ang Distrito ay:

- a) Maglilimita sa mga bayad sa muling pagkonekta sa karaniwang oras ng operasyon sa limampung dolyares (\$50), at sa oras na walang operasyon, sa isang daan at limampung dolyares (\$150). Ilalapat lang ang mga limitasyon kung ang mga bayad sa muling pagkonekta ng Distrito ay talagang lagpas sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay sasailalim sa taunang pag-ayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) ng Bureau of Labor Statistics simula sa Enero 1, 2021.
- b) Ipaubaya ang mga singil sa interes sa mga delinkuwenteng singil minsan tuwing 12 buwan. Ilalapat ng Distrito ang pagpapaubaya sa anumang singil sa interes na hindi bayad sa oras ng hiling ng kostumer.

Ituturing ng Distrito ang residensiyal na kostumer na may kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) dineklara ng kostumer sa ilalim ng multa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng lebel ng pederal na kahirapan.

6.2. MGA REGULASYON SA PAGINGIL

6.2.1. Pagtitipid ng Tubig

Magsusumikap lahat ng Mga Kostumer na magtipid ng tubig at hindi pahintulutan ang mga pagtagas o ibang pagsasayang ng tubig na alam nila. Kung saan ang tubig ay sinayang o pabayang ginamit sa lugar ng Kostumer, may awtoridad ang Distritong ihinto ang serbisyo, matapos bigyan ang Kostumer ng abiso saan man posible. Nagpatupad ang Distrito ng Ordinansa sa Pagtitipid ng Tubig na angkop sa lahat ng Mga Kostumer at nagbibigay ng mga partikular na detalye sa mga pinagbabawal na pagkilos.

6.2.2. Mga Kundisyon ng Domestikong Tubig

Hindi kailanman mananagot ang Distrito sa anumang pinasalang dulot ng tubig na umaagos mula sa anumang bukas o sirang linya, mga kagamitan o kaugnay ng tubig na appliance habang ang Distrito ay nasa proseso ng pagsisimula o muling pagkokoneta ng serbisyo. Ang responsibilidad ng Distrito ay magtatapos sa metro. Hindi mananagot ang Distrito sa anumang pinsalang nagreresulta mula sa sirang tubo o mga sira o may deperensiyang linya ng tubig.

6.2.3. Mga Kalagayan ng Pressure

Responsible ang Kostumer sa pagbili, instalasyon, pagmementina at pagpapatakbo ng pressure regulator assembly, at kung inaatas ng Plumbing Code ng County ng Orange. Sa petsang ito, inaatas ang isang pressure regulator assembly sa anumang serbisyo kung saan ang pressure ng linya ng tubig sa metro ay 80 pounds per square inch (PSI) o mas malakas. Ang mga hiniling ng kostumer na pagsusuri ng pressure ng kawani ng Distrito ay sisingilin batay sa aprubadong iskedyul ng bayad sa oras ng pagganap.

6.2.4. Hindi Awtorisdadong Paggamit ng Mga Serbisyo Nang Walang Aplikasyon

Ang mga serbisyo sa basurang tubig na walang ginawang katanggap-tanggap na aplikasyon para sa serbisyo ay pananagutin sa lahat ng serbisyong tubig, niresiklong tubig at/o serbisyong basurang tubig na hinatid bilang napatotohanan ng mga pagbabasa sa metro, para sa anumang mga pinsala sa pag-aari ng Distrito, kasama ang mga kandado at paghinto ng anggulo at sa anumang kaugnay na singil. Ang walang interes na Deposit sa Pagbabayad sa doble ng isang pinakamalaking umiiral na balanse sa tirahang ito o \$100.00, alinman ang mas malaki, ay maaaring kailangan sa ngayon.

6.2.5. Panloloko o Pang-aabuso

Ang serbisyo ay maaaring ihinto, ang halaga sa pagkumpuni at mga multa ay maaaring ipatupad, kung kailangan, para protektahan ang Distrito laban sa panloloko pang-aabuso. Ang panloloko ay ang pagkilos ng sinumang tao na magsagawa, pahintulutan, humingi, tumulong o tangkain ang alinman sa mga sumusunod na pagkilos:

- a) I-divert, o ipa-divert ang tubig o basurang tubig na serbisyo sa anumang paraan.
- b) Gawin o idulot na magawa ang anumang pagkonekta o muling pagkonekta sa sistema ng tubig ng Distrito nang walang pinahintulatang pahintulot ng Distrito. Ayon sa ginamit sa seksiyong ito, ang kahulugan ng “sistema ng tubig” ay lahat ng pag-aari ng Distrito para sa pagpapadala, pagkolekta, pag-imbak o paggamot ng tubig o basurang tubig.
- c) Pakialaman o kung hindi man ay magdulot na mapakialaman ang tumpak na pagsukat ng paggamit ng tubig.
- d) Pakialaman ang anumang pag-aari o ginamit ng Distrito na magbigay ng tubig o basurang tubig na serbisyo.
- e) Gumamit o makatanggap ng benepisyo ng tubig o basurang tubig na serbisyo mula sa sistema ng Distrito na may kabatiran o dahilan upang maniwala na ang paggamit o pagtanggap ng nasabing serbisyo ay hindi awtorisado.

Mayroong paglabag kung ang alinman sa mga nabanggit sa itaas na kundisyon ay naganap sa lugar na pag-aari o kontrolado ng Kostumer o taong gumagamit o nakakatanggap ng direktang benepisyo ng serbisyong tubig o basurang tubig ng Distrito.

6.2.6. Serbisyo sa Mga Lugar na Okupado ng Umuupa

Kapag ang aplikasyon sa serbisyo ay isinumite ng umuupa sa pag-aaring inuupahan, ang umuupa ay may pangunahing responsibilidad para sa lahat ng tubig, niresiklong tubig at basurang tubig na singil.

6.2.7. Access sa Mga Pasilidad

Ang tauhan ang Distrito ay may karapatan sa lahat ng pasilidad para sa anumang layuning kaugnay ng tubig, niresiklong tubig at basurang tubig na serbisyo. Magbibigay ang Distrito sa mga empleyado ng angkop na pagkakakilanlan na ipapakita sa Kostumer kapag hiniling. Responsible ang Kostumer na magbigay ng ligtas na kundisyon sa mga empleyado ng Distrito sa ingress at egress.

6.2.8. Harang sa Metro

Kung ang metro ay naharangan ng landscape o ibang gamit ng Kostumer at hindi mabasa, bibigyan ng Distrito ang Kostumer na nasa talaan ng 25 araw para maitama ang sitwasyon. Kung nabigo ang Kostumer na itama ang kundisyon sa kasiyahan ng Distrito sa loob ng balangkas ng oras na ito o kung naharangan ang metro sa kurso ng pagmementina ng Distrito, mga pagkumpuni o pagsara, maaaring alisin ng tauhan ng Distrito ang harang at singilin pabalik ang Kostumer sa panahon, materyales at kagamitang kaugnay. Ang kabiguang magbayad ay maaaring magresulta sa delinkuwenteng pagkilos.

6.2.9. Mga Mali sa Pagsingil

Kung may maganap na mali sa pagsingil at nakitang kasalanan ng Distrito, ang account ay naayong aayusin hanggang sa maximum na dalawang taong panahon, mula sa petsa ng pagtuklas. Kung may naganap na mali kung saan hindi kasalanan ng Distrito, naayong aayusin ang account hanggap sa maximum na dalawang taong panahon, mula sa petsa ng pagtuklas. Hindi kailanman ang panahon ng pag-ayos, anumang ang kasalanan, ay hihigit sa dalawang taon. Mangyaring sumangguni sa Seksiyon 4.4 para sa mga mali na partikular sa mga maling paggana ng metro.

6.3. MGA SINGIL SA PAGSINGIL

6.3.1. Mga Bayad sa Pagkolekta

Kung ang account ay isinumite sa ahensiya ng pagkolekta dahil sa hindi pagbabayad, mananagot ang Kostumer sa lahat ng gastusin na nagkaroon ang ahensiya sa mga pagsusumikap nito sa pagkolekta.

6.3.2. Bayad sa Ilegal na Pakikialam

Kung may maganao na sitwasyon na nasasaklawan sa ilalim ng Seksiyon 6.4.5 Panloloko o Pang-aabuso, ang bayad sa pakikialam ay tatasahin, sa bawat insidente. Bilang dagdag, lahat ng gastos na kaugnay na may pagtutuwid sa kundisyon, kasama ang oras, materyales at kagamitan ay sisingilin din pabalik. Sa pag-apruba ng Lupon, maaaring magsampa ang Distrito ng sibil na pagkilos alinsunod sa Seksiyon 1882.1 ng California Civil Code para mabawi ang hanggang tatlong beses ng mga aktuwal na pinsalang nagkaroon ang Distrito, at ang halaga ng demanda at makatwirang bayad sa abogado.

6.3.3. Pagsubok ng Metro - Deposito

Ang sinumang Kostumer ay maaaring humiling na masubukan ang metro nila para sa pagkatumpak pero dapat munang magbayad ng deposito na katumbas ng singil sa pagsubok ng metro at gastos sa pagtanggap at muling pagkabit ng Distrito. Mangyaring sumangguni sa Seksiyon 4.4 para sa higit pang detalyadong impormasyon.

6.3.4. Bayad sa Sinauling Bagay

Tatasahan ang Kostumer ng bayad sa sinauling bagay para sa lahat ng mga sinauling bayad. Reserbado ng Distrito ang karapatang magdemanda sa tatlong beses sa harapang halaga ng sinauling bagay o \$100.00, alinman ang mas malaki, bilang dagdag sa mga gastos sa korte, bayad sa abogado at gastos sa serbisyo ayon sa pinahintulutan sa ilalim ng Seksiyon 1719, Chapter 522, California Civil Code 1983. Lahat ng mga sinauling bayad ay makikita bilang hindi bayad at sasailalim sa pagiging delinkuwenteng pagkilos kung mabigo ang Kostumer na palitan ang nasabing bagay ng cash o credit card na bayad na katumbas ng harapang halaga ng sinauling bagay ay ang bayad sa sinauling bagay sa loob ng sampung araw ng trabaho. Lahat ng mga account ay magiging cash lang matapos ang pagsumite ng pangalawang sinauling bagay sa loob ng floating na 12-buwang panahon. Ang mga karagdagang bayad ay maaaring tatasahin sa maraming sinauling bagay. Ang account na ito ay magpapanatili lang ng cash na

katayuan sa isang buong taon. Ang mga katanggap-tanggap na klase ng bayad para sa Kostumer ay natukoy bilang cash lang ay cash, cashier's check, at money order.

6.3.5. Bayad sa Panghuling Abiso sa Pagputol

Lahat ng mga account na sasailalim sa Panghuling Abiso sa Pagputol ay tatasahin ng bayad sa bawat abiso.

6.3.6. Bayad sa Administratibong Pagproseso para sa Pagputol ng Serbisyo.

Kasama ng Bayad sa Administratibong Pagproseso ang gastos sa pagsubaybay, pagsusuri at pagproseso ng mga delinkuwenteng halaga sa yugto ng paghinto pati na ang pag-update ng mga file ng account sa sistema ng pagsingil sa utility. Ang bayad na ito ay ipatutupad sa gabi bago ang araw ng pagputol.

6.3.7. Bayad sa Muling Pagkonekta

Kasama sa bayad na ito ang dalawang field na pagbisita; ang una ay para isara at ikandado ang metro at ang pangalawang field na pagbisita ay para ibalik ang serbisyo. Ang bayad ay pinatutupad kung hindi nagbayad ang Kostumer ng 8am sa araw ng nakatakdang pagsasara.

Ang pagkasira o pagtanggap ng anumang kandado ay magkakaroon ng bayad sa kandado.

Kung makita ng Distrito na ang kandado ay pinutol ang at serbisyong tubig ay pinagana nang walang pag-apruba, ang metro ay hahatakin at ang linya ay tatapalan. Magtatasa ng karagdagang bayad sa muling pagkonekta.

Lahat ng bayad para ibalik ang serbisyo ay dapat nasa anyo ng cash, money order, traveler's check, certified bank check, credit card gamit ang **E.BILL** payment processing o anumang kumbinasyon nito. Walang ikatlong partido, mga personal na tseke o electronic ACH na transaksyon ay tatanggapin.

Kung mag-apply ang Kostumer para sa serbisyo sa lokasyon na naisara dahil sa hindi pagbabayad, dapat siyang magbigay ng angkop na dokumentasyong nagbibigay ng katibayan na ang Kostumer ay bagong may-ari o bagong umuupa. Ang dokumentasyon ay nasa diskresyon ng Superbisor/Tagapamahala.

6.3.8. Depositong Bayad

Ang account ay maaaring atasang magbigay ng Depositong Bayad sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon:

- a) Ang kasalukuyang account ng kostumer (aktibo o hindi aktibo) ay naproseso para sa pagiging delinkuwenteng pagsara.
- b) Ang kostumer na nag-a-apply sa serbisyo ay nagkaroon ng masamang/delinkuwenteng kasaysayan sa pagbabayad.
- c) Hindi pinahintulutang Paggamit ng Serbisyo, ayon sa nakatukoy sa Seksiyon 6.4.4.
- d) Panloloko o pang-aabusong, ayon sa kahulugan sa Seksiyon 6.4.5.
- e) Ilegal na pakikialam, ayon sa kahulugan sa Seksiyon 6.5.2.

Ang residensiyal na Deposito sa Pagbabayad ay hanggang sa tatlong beses ng karaniwang buwanang singil. Ang mga residensiyal na account ay maaaring matasahan ng mga deposito sa \$100.00 dagdag; subalit,

reserbado ng Distrito ang karapatang hilingin ang buong depositong nakatakda. Lahat ng ibang kategorya ng klase ng rate ng Kostumer ay rerepasuhin at tatasahan ng Deposito sa Bayad sa indibidwal na batayan. Walang interes ang babayaran sa anumang deposito. Ang deposito ay isasauli sa kostumer sa talaan makalipas ang labing-dalawang magkakasunod na buwan ng magandang kasaysayan sa pagbabayad, iyon ay, walang mga delinkuwenteng singil o pagsasara sa hindi pagbabayad. Ang mga deposito ay maaaring ilapat sa anumang kasunod na delinkuwenteng singil pero hahawakan at ilalapat papunta sa huling singil sa pagwawakas ng serbisyo.